

PAANYAYA

Maraming beses na nating narinig ang pangalan ng Diyos. Aminin man natin o hindi, parang bale wala lang Siya sa atin. Saka lang natin siya naaalala kung tayo ay may pagsubok na hinaharap. Ano man ang ginagawa o iniisip natin, iyan ay batid ng ating Diyos.

Psa 103:14 *Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo; kaniyang inaalaala na tayo'y alabok.*

Sa paningin ng Diyos, kahit anong kabutihang gawa ang ating ginagawa, hindi parin ito sapat upang tayo'y maging kalugod-lugod sa kanya. Sa panahon ng pagsubok, pagbigyan mo ang iyong sarili.

Psa 121:1 *Ititingin ko ang aking mga mata sa mga bundok; saan бага manggagaling ang aking saklolo?*

Psa 121:2 *Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon, na gumawa ng langit at lupa.*

Joh 15:5 *Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.*

Mat 11:28 *Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.*

Ang salita ng Diyos ay malinaw, purong pag-ibig at may pagsinta.

Psa 19:8 *Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid, na nagpapagalak sa puso: ang utos ng Panginoon ay dalisay, na nagpapaliwanag ng mga mata.*

Kaibigan, huwag na huwag mo nang palampasin ang pagkakataong ito. Papasukin mo Siya sa iyong puso. Sa bawat bagay ay maykapanahunan; pagtatrabaho.pagkain, pagpapahinga o pakikihalubilo. Subalit panahon mo sa Diyos,nasaan na? Marahil minsan ay nananalangin ka, ngunit hindi parin ito sapat.

Bakit?

1Ch 16:11 *Hanapin ninyo ang Panginoon at ang kaniyang lakas; Hanapin ninyo ang kaniyang mukha na palagi.*

May pananampalataya ka:

Jam 2:20 *Datapuwa't ibig mo bagang maalaman, Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya na walang mga gawa ay baog?*

Mabait naman ako. Ayon sa salta ng Diyos, wag tayong magmatuwid sa ating sarili:

Rom 3:10 *Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit isa;*

Rom 10:3 *Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng katuwiran ng Dios, at sa pagsusumakit na maitayo ang sariling kanila, ay hindi sila napasakop sa katuwiran ng Dios.*

"Eh paano ko tatanggapin si Hesus bilang tagapagligtas at kasama ko sa hirap at sagana?"

Act 2:38 *At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*

Ngayon sa atin nakasalalay ang desisyon, it's now or never!

Heb 3:15 *Samantalang sinasabi, Ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig, Huwag ninyong papagmatigas ang inyong mga puso, na gaya ng sa pamumungkahi.*

Rev 3:20 *Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.*

Pro 27:1 *Huwag mong ipaghambog ang kinabukasan; Sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang ilalabas ng ibang araw.*

2Co 6:2 (Sapagka't sinasabi niya, Sa panahong ukol kita'y pinakinggan, At sa araw ng pagliligtas kita'y sinakloloan: Narito, ngayon ang panahong ukol; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan):

Alam kong ang Diyos ay nangungusap sa iyong puso, aking kaibigan. Sa lahat ng kanyang kabutihang gawa, hindi natin Siyang kayang tanggihan. Ikinalulugod kong paglingkuran ka upang pag-usapan natin ang mga bagay patungkol sa Diyos.

Luk 18:27 Datapuwa't sinabi niya, Ang mga bagay na di mangyayari sa mga tao ay may pangyayari sa Dios. (tlp)

<http://www.sayadi-al-nas.com>

صيادي الناس